



Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos

Dibisyon ng Karapatang Sibil

*Assistant Attorney General
950 Pennsylvania Ave, NW - RFK
Washington, DC 20530*

Pahayag ni Assistant Attorney General para sa Mga Karapatang Sibil Eric S. Breiband Pagprotekta sa Mga Karapatang Sibil Habang Tumutugon sa Sakit na Coronavirus 2019 (COVID-19)

Kaugnay sa Pamublikong Kalusugan na Emerhensiya patungkol sa sakit na coronavirus 2019 (COVID-19), inilalabas ang pahayag na ito ng Dibisyon ng Karapatang Sibil ng Departamento ng Hustisya ng Estados Unidos upang matiyak na alam ng mga biktima ng ilegal na diskriminasyon kung saan babaling kapag ang kanilang mga karapatang sibil ay nilabag.

Ang diskriminasyon batay sa lahi, kasarian, relihiyon, pambansang pinagmulan, kapansanan, at iba pang mga protektadong klase ay labag sa batas sa ilalim ng ilang mga pederal na batas at maaaring magresulta sa kriminal o sibil na pananagutan. Tingnan, hal., <https://www.justice.gov/crt/page/file/921291/download>. At saka, ang mga marahas na gawaing poot batay sa mga ito at iba pang mga protektadong klase ay lumalabag sa mga pederal na batas sa krimeng poot. Tingnan, hal., <https://www.justice.gov/crt/hate-crime-laws>. Ang diskriminasyon ay maaaring lumitaw sa maraming iba't ibang mga konteksto, kabilang ang edukasyon, trabaho, kalusugan at kaligtasan, pabahay, at mga lugar ng pampublikong tirahan.

Habang nagpapatuloy ang pandaigdigang pagtugon sa pandemya na COVID-19, mananatiling mapagbantay ang Kagawaran sa pagpapatupad ng mga batas sa karapatang sibil. Dapat nating tiyakin na ang takot at pagkiling ay hindi makakalimita sa pag-akses sa pabahay, paaralan, benepisyo, serbisyo, trabaho, at impormasyon, bukod sa iba pang mga bagay, dahil sa lahi, kasarian, relihiyon, pambansang pinagmulan, kapansanan, o iba pang mga protektadong klase. At saka, ang pag-akses sa tumpak na impormasyon sa emerhensiya at kalusugan ay kritikal sa pagbibigay sa lahat ng tao ng kakayahang gumawa ng mga kaalamang desisyon at protektahan ang kanilang sarili, kanilang pamilya, at komunidad sa kabuuan.

Mahalaga na lahat tayo ay nagtutulungan upang tugunan ang labag sa batas na diskriminasyon, kabilang ang mga marahas na kilos o banta batay sa mga klase na protektado. Katulad sa lahat ng mga emerhensiya, ang pagsiklab ng COVID-19 ay nakaapekto sa mga tao ng maraming iba't ibang lahi, relihiyon, at etniko, pati na rin ang mga may kapansanan. Maaari ring dahil sa labag sa batas na diskriminasyon ay panghinaan ng loob ang mga tao na lumapit upang humingi ng paggamot o impormasyon. **Dapat at mahigpit na ipatutupad ang mga batas na nagbabawal sa mga diskriminasyong pag-uugali na labag sa batas.**

Kung naniniwala kang ikaw ay biktima ng diskriminasyon batay sa lahi, kasarian, relihiyon, pinagmulan, kapansanan, o iba pang mga klase na protektado, maaari kang makakita ng impormasyon tungkol sa kung paano magsampa ng reklamo sa <https://www.justice.gov/crt/how-file-complaint> and <https://www.justice.gov/crt/fcs>. Ang mga reklamo sa diskriminasyon sa pagtatrabaho ay maaaring isampa sa EEOC sa

<https://www.eeoc.gov/employees/charge.cfm>. Maaari ka ring makipag-ugnay sa Dibisyon ng Karapatang Sibil sa walang bayad 855-856-1247 or 202-514-3827. Bilang karagdagan, ang Dibisyon ay nagbibigay ng mga mapagkukunan sa <https://www.ada.gov> (mga paksa na may kaugnayan sa kapansanan) at <https://www.lep.gov> (impormasyon sa pag-akses sa wika).

Kung mayroon kang impormasyon tungkol sa komisyon ng marahas na kilos o banta dahil sa lahi, kasarian, relihiyon, pambansang pinagmulan, kapansanan, o iba pang klase na protektado, mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng FBI. Maaari kang makahanap ng listahan ng mga sangay na tanggapan sa <https://www.fbi.gov/contact-us/field-offices>.

Ang Dibisyon ng Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos, kasama ang iba pang mga ahensya sa buong pamahalaang pederal, ay patuloy na susubaybayan ang mga isyu sa karapatang sibil na may kaugnayan sa COVID-19. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang www.justice.gov/crt/fcs. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa tugon ng gobyernong pederal sa COVID-19 ay makukuha sa [The White House: Mga Alituntunin sa Coronavirus para sa Amerika](#) at www.coronavirus.gov.

Ang mga dokumentong gabay ay hindi nagbubuklod at kulang sa puwersa at epekto ng batas, maliban kung malinaw na pinahintulutan ng batas o malinaw na isinama sa isang kontrata, bigay, o kooperatibang kasunduan. Kasangayon sa Executive Order 13891 at sa memorandum ng pagpapatupad ng Opisina ng Pamamahala at Badyet, ang Kagawaran ay hindi babanggit, gagamit, o aasa sa anumang dokumento na patnubay na hindi maa-akses sa pamamagitan ng portal ng patnubay ng Kagawaran, o mga katulad na portal ng gabay para sa iba pang mga kagawaran ng Executive Branch at ahensya, maliban sa pagpapatunay ng pangkasaysayang katotohanan. Hanggang sa may mga pamantayan sa pagkukusang-loob na itinatakda ng anumang dokumentong patnubay (hal., mga kagawiang inirerekomenda), ang pagsunod sa mga pamantayang iyon ay kusang-loob, at ang hindi pagsunod ay hindi magreresulta sa pagpapatupad na aksyon. Ang mga dokumentong patnubay ay maaaring bawiin o baguhin sa tanging pagpapasya ng Kagawaran, ayon sa naaangkop na mga batas..